TN: 14342

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**REGION XIII-Caraga**
Butuan City

October 25, 2018

DEPARTMENT OF EDUCATION
RELEASED
DATE 31 OCT 2018
SIGNATURE
CARAGA REGION
14342

**REGIONAL MEMORANDUM**
**No. 613 s., 2018**

**PANREHIYONG PALIGSAHAN SA ISPELING : IISPEL MO!**

To : **Schools Division Superintendents**
This Region

1. The DepEd Caraga Region thru Curriculum Learning and Management Division will conduct the "Panrehiyong Paligsahan sa Ispeling : Iispel Mo! on November 8, 2018 exactly 8:00 a.m at Agusan National high School , Butuan City.

2. The objective to this activity is to enhance the competency of our pupils in our national language using Filipino Ortography .

3. Participants to this regional competition are the division winners from the twelve divisions together with the coach in Grade six level. Regional winner to this contest will be the national qualifier on November 28-30, 2018 at UPAA, Magsaysay Avenue Corner Balagtas Street,U.P Campus, Diliman, Quezon City.

4. Travelling expenses and per diem of the participants shall be charged against local school MOOE subject to the usual accounting and auditing rules and regulations

5. Immediate dissemination of this Memorandum is highly desired.

**FRANCIS CESAR B. BRINGAS, CESO V**
OIC- Regional Director

Encls : None
Reference: Deped Advisory No.135 s. 2018
To be indicated in the **PERPETUAL INDEX** under the following subjects:
**CONTEST COMPETITIONS SPELLING**

clmd/aak
10-25-18

28 Setyembre 2018

**Dr.CELSA M. CATALUÑA**
EPS- Filipino CLMD
DepED R- XIII (CARAGA)
Km. 3, Libertad Street
Lungsod Butuan

**Mahal na Dr. Cataluña:**

Ang **Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!** sa 30 Nobyembre 2018 ay gaganapin sa UPAA- Ang Bahay ng Alumni, Magsaysay Avenue, corner Balagtas Street, UP Campus, Diliman, Lungsod Quezon.

Kalakip nito ang sumusunod na kaugnay na mga dokumento:

1. kopya ng liham sa inyong Rehiyonal na Direktor
2. DepED ADVISORY No. 135 s. 2018- na may petsang 20 Hulyo 2018
3. Tatlong (3) Medalya para sa unang tatlong nanalo sa Regional Level ng inyong rehiyon
4. Pormularyo ng Kalahok ng inyong rehiyon na ibabalik sa KWF
5. Pamantayan ng Paligsahan

Pauna po ang aming pasasalamat sa inyong kooperasyon para sa implementasyon ng paligsahan sa inyong rehiyon.

Mabuhay po kayo!

Sumasainyo,

**JOHN ENRICO C. TORRALBA**
Puno, Sangay ng Salin (SS)
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo
# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

02 Agosto 2018

**Dr. FRANCIS CESAR B. BRINGAS**
Nanunungkulang Panrehiyong Direktor
DepED, R- XIII (CARAGA)
Km. 3, Libertad Street
Lungsod Butuan

**Mahal na Direktor Bringas:**

Magalang naming hinihiling ang inyong tulong at pakikiisa sa pamamagitan ng pagpapalabas ng **Memorandum Panrehiyon** ng **Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!** para sa pakikilahok ng lahat ng mga guro at mag-aaral sa ikaanim (6) na baitang ng mga publiko at pribadong paaralan sa inyong rehiyon.

Layunin ng paligsahan na higit pang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling sa wikang Filipino gamit ang bagong ortograpiyang pambansa.

Ang eliminasyon ng paligsahan ay isasagawa sa division level para sa kinatawan ng bawat rehiyon at maglalaban-laban naman sa national level na gaganapin sa 28–30 Nobyembre 2018 sa Metro Manila.

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magkakaloob ng premyong cash sa mag-aaral at tagapagsanay na mananalo sa national level at tatanggap ng plake at tropeo ang kaniyang paaralan at rehiyon. Gayundin, sasagutin ng KWF ang tatlong (3) araw na akomodasyon at pagkain ng mga kinatawan ng rehiyon at tatlo (3) nitong kasama ( isang magulang/guardian, tagapagsanay at Regional Supervisor sa Filipino) sa University Hotel ng UP Diliman Campus, Lungsod Quezon. Samantala, pagtutulungan ng KWF at Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ang pangangasiwa at pagsubaybay sa paligsahan na isasagawa sa buong bansa.

Kalakip nito ang DepED ADVISORY No. 135, s. 2018 na may petsang 20 Hulyo 2018 at ang Pamantayan sa Pambansang Paligsahang ito.

Para sa iba pang mga tanong o paglilinaw, mangyaring tumawag sa telepono bilang (02) 243-9789 o cp no. 09086978491 at hanapin si Bb. Sandor B. Abad o sumulat sa komisyonsawika@gmail.com

Lubos na sumasainyo,

Virgilio S. Almario

**VIRGILIO S. ALMARIO, National Artist**
Tagapangulo

Kalakip: DepED Advisory No. 135, s. 2018 dated : 20 Hulyo 2018
Pamantayan ng Paligsahan

sent thru LBC

Gusali Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel, 1005 San Miguel, Maynila
(02) 736-2519 – SEN, 736-2525 – SPP, 516-0326 – Telefax
www.kwf.gov.ph komisyonsawika@gmail.com

## PAMANTAYAN NG PALIGSAHAN

### DESKRIPSIYON NG PALIGSAHAN

1. Ang paligsahan ay pambansa at tatawaging **Iispel Mo**.
2. Magkatuwang na isasagawa ng Sangay ng Salin ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF); at
3. Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL).
4. Ang paligsahan ay bukas para sa mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) sa antas elementary ng mga paaralang publiko at pribado.
5. Magsisimula ang paligsahan mula sa eliminasyon sa division level at ang mananalo ang magiging kinatawan ng bawat rehiyon na sila ang maglalaban-laban para sa national level na isasagawa sa Metro Manila.
6. Magkakaloob ang KWF ng premyong cash, plake, tropeo, medalya, sertipiko para sa mga mananalo sa national level.
7. Magkakaloob din ang KWF ng medalya sa unang tatlong (3) mga mananalo sa regional level.
8. Pangungunahan ng Regional Supervisor sa Filipino katuwang ang Kalupunan ng mga Direktor ng KASUGUFIL ang pagsubaybay sa isasagawang paligsahan sa regional level para sa ebalwasyon nito.
9. Magkatuwang na pangangasiwaan ng Sangay ng Salin ng KWF at pamunuan ng KASUGUFIL ang kulminasyon ng paligsahan sa national level na gaganapin sa Metro Manila.

### PARAAN NG PALIGSAHAN

A. Kalipikasyon

1. Isang (1) kalahok sa bawat paaralan maaaring mula sa publiko o pribado ang pinapayagan sa division level, ang mananalo sa division level ang magiging kinatawan sa regional level at ang mananalo sa regional level ang kakatawan sa region sa national level ng paligsahan.
2. Taglay ang sumusunod:
   - 2.1 nasa Ikaanim na Baitang (Grade 6) at may mabuting katayuan sa paaralan na pinatutunayan ng kaniyang prinsipal;
   - 2.2 nakahandang sumunod sa mga panuntunan at patakaran ng paligsahan.
3. Bawat rehiyon ay bubuoin ng apat (4) na delegado na kalahok
   - 3.1 isang (1) mag-aaral na kakatawan sa rehiyon
   - 3.2 isang (1) tagapagsanay (coach)
   - 3.3 isang (1) magulang/guardian ng mag-aaral
   - 3.4 isang (1) panrehiyong superbisor sa Filipino

B. MGA KAHINGIAN

Ang mga kahingian para sa Ikatlong Pambansang Paligsahan ay kailangang maisumite sa Komisyon sa Wikang Filipino sa email address **sangaysalinkwf@gmail.com** sampung (10) araw bago ang aktuwal na paligsahan sa 28-30 Nobyembre 2018.

1. Dalawang (2) kopya ng sinagutang Pormularyo ng Kalahok mula sa Regional Level; at
2. Isang (1) kopya ng Sertipiko na nag-eendoso ng kalahok mula sa Regional Direktor/ Superbisor o Superintendente ng paaralang pinanggalingan ng kalahok.

C. KRAYTERYA SA PAGHATOL

1. Ang KWF ang maghahanda ng mga salitang gagamitin sa paligsahan batay sa KWF Ortograpiyang Pambansa (OP) at UP Diksiyonaryong Filipino.
2. Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapaloobah ng salitang babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng mga kalahok.
3. Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| MADALI | - 10 aytem x 2 puntos | = 20 puntos |
| KATAMTAMAN | - 10 aytem x 3 puntos | = 30 puntos |
| MAHIRAP | - 10 aytem x 5 puntos | = 50 puntos |
| | KABUOAN | =100 puntos |

# Ikatlong Pambansang Paligsahan sa Ispeling: IISPEL MO!

Hunyo- Nobyembre 2018
Metro Manila

## PORMULARYO NG PAGPAPATALA NG KALAHOK
(Registration Form)

PANGALAN ______________________________________________
(Una) (Gitna) (Apelyido)

KASARIAN (Paki-tsek) BABAE __________ LALAKI __________ EDAD __________

PETSA NG KAPANGANAKAN __________ LUGAR ____________________

ADRES NG TIRAHAN ______________________________________
______________________________________

Tel. Nos. Landline __________ Celphone Nos. __________ Email __________

PAARALAN ______________________________________________

ADRES NG PAARALAN ______________________________________

SANGAY ______________________________ REHIYON __________

PANGALAN NG TAGAPAGSANAY (COACH) ______________________

ADRES ______________________________ Celphone Nos. __________

________________

PICTURE

________________

LAGDA ______________

PETSA ______________

Ipadala sa adres:
Sandor B. Abad
Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
Malacañang Complex, 1005 San Miguel Maynila
Email ad: sangaysalinkwf@gmail.com o komisyonsawika@gmail.com